# DOOMSAYING

**Doomsaying**

Ituturing mong orasyon na pangontra
sa pagkagunaw ng daigdig ang huni
Ng mga nagtatagong kuliglig sa dilim: magigising ka
sa matitinis na sitsit sa madaling araw,
Papasadahan ng iyong dila ang lahat ng iyong ngipin
at dagli kang mangangapa
Ng kahoy kung saan maaaring ikagat ang kadaraan lang na bangungot.
Ganito ituring ng tao ang hindi at ayaw maunawaan,
Maldisyon ng mga erehe na gumagambala sa kapayapaan ng gabi—
May ilang araw nang nalulunod ang mundo
Sa dumadalas na kasal ng mga tikbalang; Naghahanap ng mumultuhin
ang hindi pa naipaghihiganting Nagasaki at Hiroshima;
Sa isang balkonahe, may lalake na apasyonadong nagtatalumpati.
Paano kung pati ang mga demonyo
Ay nadidilang-anghel, dahil anghel din naman ang mga diyablo
na itinakwil ng langit?
Tiyak, may dumidinig din hindi lamang sa mga panalangin,
kundi na rin sa mga ibinubulong na sumpa.
Walang binhi ng halaman ang nagsisibol
ng pagkawasak,
Sanggol iyon na pumapalahaw sa unang pagkabulag sa liwanag
at sa pagpigtas ng pusod at inunan.
Ngayon, pinalilipas mo ang madaling-araw sa panonood ng mga talahib
na hinurno ng nagdaang katanghalian, mistulang
Mga kalansay na daliring lumalabas sa nauuhaw na párang. Maaalala mo ito
kinabukasan, habang inihahanda mo
Ang bahay at sarili sa paparating na unos— maluwalhati mong maiisip na
maisasalba ng bangungot ang daigdig.
Walang kuliglig ang makapipigil
sa pagbaha ng mga malalagas na ngipin.

**White Noise**

Baka tinulíg ka ng pagkakalátag ng mga bomba
O ng kalansing ng mga nagsikalat na basyo,
Kaya't nagdadalawang isip ang iyong daliri

Sa pagkalabit ng gatilyo. Pakinggan mo ang utos
Ng mga boses sa radyo, at baka sakaling mabuo
Ng istatik ang imahen ng susunod na mangyayari.

Gagawaran mo ng exit wound ang lahat ng ulo
Sa Gaza at gagapang na parang biták sa disyerto
Ang dugo ng kalaban. Hihimbing ang túlog ng Tel-aviv

At kakalansing ang naguumpugang medalya
Sa iyong dibdib. Kung mahina ang dibdib mo,
Susuway ka sa istatik habang nangangatog

Sa sakmal ng taglamig. Kakawitin ng malamig
Na talim ng katran knife ang gapos ng mga bihag.
Uuwi sila sa mga naghihintay na magulang sa Kyiv.

Babalik ka sa Vladivostok at pangangawil sa dagat,
Magbibingi-bingihan sa balitang gumuho ang Kremlin
At muling nagbukas ang McDonald's sa Moscow.

Tinatawag ng mga boses sa pagitan ng istatik
Ang pangalan mo, habang ang isip mo ay parang
Telebisyong walang maipalabas, pinipihit ang antena

Upang maaninag man lang ang nilalang na nagsukbit
Sa iyo ng baril. Nakita mo na siya sa tv at diyaryo,
Sa mga potrait sa itaas ng mga blackboard noon,

At sa susunod, sa mga barya't isang libo. Kung
Babalik pa sa dati ang iyong pandinig, malamang ay
Mabibingi kang muli sa sigawan ng taumbayan habang

Tinitibag sa liwasan ang rebulto ng kakilala mong
Tinig. Aakalain ninyong palakpak ang pagaspas
Ng mga ng naghulagpusang ilahas na kalapati.

**Black Death**

Nagsimula ang pagkalat ng salot sa pusod
Ng karagatan. Humiwa ng mahabang sugat
sa tangrib ang kinakalawang na titanikong barko.

Nagsimulang tumagas ang nagnananang
butód na bakal sa kailaliman. Di tulad ng mga isda,
hindi agad tayo magsisipilíg.

Mauuna munang malagas ang mga kaliskis,
Bago makadaong ang balita sa lupa:
Mistulang itim na sapot ng infernal na gagamba

ang lambat ng mangingisda; Inanod sa paanan
ng bata sa pampang ang labí ng mga bágong-
pisâng pawikan; May kung anong mekanikal

na miasma ang sumanib sa dayaray. Muli,
kasama sa sintomas ang pag-ilíng ng ulo
matapos natin mabása o marinig ang balita.

Aantabayanan natin ang púlong ng mga ahensiya,
Mag-aantanda sa mga logo ng environmental NGO,
o kaya nama'y kakalbuhin ang sarili't iaalay sa alon

ang mga tinipong buhok na tila ibinulong na lunas
ng isang misteryosong uwák na manggagamot:
aasang makadarama ng kaluwalhatian sa kawang-

gawa at bakâ mailigtas ang sarili sa sálot ng láot.
Subalit, ayon sa mga hindi nasabi ng balita,
ang kaligtasan ay nasa solitaryo't kuwarentina.

Nalilimutan natin ang mga hánip, daga't buwitre.
Nahihimbing sa kani-kanilang ginintuang pugad.
Nananaginip ng champagne at party sa yate.

**1.5°c**

Nasa punto na ang daigdig na hindi na makababalik sa matiwasay na kondisyon,
At anumang pithaya sa mga nakaraan ay paglalagay ng sarili sa bingit ng trahedya.

Wala akong ibang naisalba kundi ang mga anino sa retrato natin, at mga pilat
Sa papel ng iyong mga liham. Lahat, nasa aking isip, nasa aking balát, bago pa
Lamunin ang lahat nang minsang umapaw ang ilog.

Nasa punto na tayo na itinataya natin ang búkas sa mga haplos ng ating palad.
Sinabi mo ito sa akin, sa isa sa mga liham, binabása ko ito habang nakatitig sa akin
Ang mata ng bagyo: isang nakalaang silid ng katahimikan sa gitna ng pagluluksa.

Nabahala ako sa mga maaaring hindi ko na masabi:
Kagabi, sinunod ko ang iyong payo. Binasag ko ang nagkrisalidang galit,
Lumabas ang mariposa, at lumipad ang aking puso;

Pangako, didiligan ko palagi ang mga alaga mong orkidya hanggang
Sa sila'y mamulaklak at magsimulang umawit ng mga epiko't alamat;
Namimingaw ako sa iyo. Magkita tayong muli búkas.

Malamang, búkas, isa na lamang din tayong trahedyang matatabunan sa kasaysayan.
Katulad sa guho ng mga palyadong plantang nukleyar. Walang geiger counter
Ang magsasabi kung saan natin naiwan ang mga piraso ng ating mga sarili.

O marahil, kasama nang naabo ng mga ilahas na lagablab sa mga gubat
Ang pakiramdam ng mga maliliit na halik sa mga liblib na bahagi ng ating katawan:
Narito ka sa likod ng aking tainga; nariyan ako sa ibaba ng iyong pusod;

At naghihintay pa rin ang aking kaluluwa. Tiyak, nagliliwanag ang ating mga sarili
Sa radyoaktibong pagkaagnas sa mga teritoryong hindi na natin
Maaaring muling tunguhin. Kaninong palad ang maaari kong sisihin?

At kaninong dila ang nagsademonyo sa pag-usal ng taning sa daigdig?

Subalit, alam kong walang katiyakan maging ang mga katapusan,
Maaaring ito ang paraan upang makabalik sa mundo, sa panahong mayroong

Silid para sa pag-ibig. Kung ako ma’y maging isang multo
Sa iyong pagbalik, nawa'y ako'y iyong saluhin— ako
Ang unang butil ng niyebeng magpapatihulog sa Maynila.

**Panayam sa Saksí**

Sasabihin ko sa iyo kung ano ang aking nasaksihan: nanganganak ang dilim
Ng mga bangkay at ng mga naulila. At dumarami ang kaniyang mga supling

Dahil maya’t maya ginagahasa ng karahasan ang gabi. Samantala, nagbibinyag
Ang mga punenarya ng mga bagong bálo. Lalabas silang mayroon bagong-

Buhay dala-dala ang sertipiko ng awtopsiya, o ng kamatayan, o katunayan
Ng pagtanggi na alamin ang sanhi. Katunayan, nakita ko silang nabubulag

Sa mga ilaw ng kamera, pautal-utal sa pagsagot sa mga taga-midya habang
Parang gumuguhit na bala ng kuwarenta'y singko sa utak ang pagdedesisyon

Sa kung anong gagawin sa búhay ng pag-iisa. Sa búrol, hindi makapaglamay
Ang mga kamag-anak at mga kapit-bahay. Hindi nila masabi ang mga sinasabi

Sa mga yumayao: napakabuti mong tao; nawa’y kapiling mo ang panginoon;
Bakit mo kami iniwan? Mas nakakatakot naman talaga kaysa sa pagdadalamhati

Ang ideyang baka may bumulagta at kumalat sa kalye ang mga pitsa ng majong.
Hindi malayong mangyaring nagpapanggap na nakikiramay ang kamatayan.

Kinabukasan, mabubuhay ang mga pinatay bilang mga numero o estadistika
Sa headline ng mga diyaryo. Kung sa tabloid, bilang mga kelot o pusher

Na sinubukang mang-agaw ng baril habang nakaposas. Kaya’t nanlalaban
Sa dibdib ng mga naulilang anak ang galit sa mga hindi naisabalitang

Mga tangka ng kanilang magulang na mairaos ang gabi nang hindi nagugutom.
Subalit, ikinibit-balikat nila ang mga balita. Dahil sa mga ulat, palagi namang

Hinala lamang na droga ang nakukuha sa bulsa o palad ng mga bangkay.
Sa totoo lang, sana ay ang akto ng patayan na lamang ang nasaksihan ko

Ngayong humahaba ang mga nagdaraang gabi. Malamang, matitisod akong
Muli sa mga nakahandusay sa dilim, dahil hindi napapahinga ang sinapupunan

Ng Gabi. Tiyak ay hihilahin ng kaniyang mga nilalang ang aking mga binti
Pailalim sa lupa, sa hukay kung saan nakabaón ang mga naulila.

**Panayam sa Tákot**

Panigurado alam mo ang pakiramdam
na manatiling nag-iisa
Sa dilim, katulad noon nang inakala mong
ligtas ang pananatili
Sa hindi abot-tanaw ng mata ng diyos—
kung alam mo lang sana
Na naglalaho ang lahat sa karimlan
marahil ay nagrosaryo ka
Ng mga butil ng halik sa kaniyang leeg,
sa pulsuhan, o kahit sa palad
Bago siya pumasada sa mga eskinita
ng Caloocan, Malate, sa ibabaw
O ilalim, hindi ng Cubao, kundi ng gunita
ng una ninyong pagtatagpo.
Umuulan, naghihintay ka ng masasakyan
pauwi. Siya naman, liwanag
Ng umaandap na headlight ng taxi ang aberya.
Kababalaghan ang pangitain
Ng kaluwalhatian at kaligayahan sa dilim.
Parang signos ang kidlat
Ng muling pagbalik ng alaalang ito sa iyo, kaya
tinangka mong alukin siyang
Manatili na muna at ipagpaliban ang paghahanap-
buhay, dito na ako nagsimula
Na gumapang sa iyong nanlalamig na binti
at palad. Bumubulong ako sa iyo
Na nagkalat ang pulis sa lansangan, parang pari
na mga lumalabas sa sugat
Nitong namamagang lipunan, naghahanap-
patay. Namumuhunan sa tingga,
Sa mga source, sa runner, sa asset, sa mga mister,
sa mga magulang, sa mga anak, at tiyak

Sa dilim, lumalabo ang pising nagbubukod sa kanila
sa mga adik. Kung alam mo lang
sana na magigimbal ka sa piraso ng karatulang
kartong nakabayubay sa kaniya,
sana'y hindi mo ikinibit-balikat na lang ang kilabot
na sinubukan kong ibalot sa iyo
Na parang lumalangitngit na tunog ng tape
sa ipinaplastik na bangkay.
Kung alam ko lang din sana, na magkakatotoo
ang pagbibiro ko sa iyo, sana'y
Lumuhod ako sa harap mo noong gabing iyon
dahil hindi ko mapigil itong luha
Sa paghalakhak ko sa nakaaaliw na gabi ng lagim.

**30s Sucks**

Hindi dahil sa panahon ito ng the great depression at ang daigdig ay tinitingnan natin
Na monochromatic. Madalas, ang dilim ang nagtuturo kung saang liwanag dapat ituon
Ang paningin. Ganito marahil ang sandali ng pagbulusok ng isang nawawalang babaeng
Piloto: The blinking warning lights around the cabin; a faint twinkling of a newly discovered

Dwarf planet; and the ocean, giving birth to another storm. Isang stop-motion ng trahedya
Ng paglipad at dagliang pagbagsak. Ganito madalas ang tagpo matapos pilitin ng panahon
Na iwanan ang kabataan. Ganoon ang pakiramdam ng pagkawala ng lamig ng ikalawang bote
Ng beer sa palad mo, mistulang isang premonisyong pinili mong huwag na lamang pansinin,

Subalit sa likod ng iyong puso, alam mong may nagsuot na mga bubwit ng pangamba:
Parang ulap ng malakas na ulan ang namumuong katarata sa mata ng iyong magulang;
Biglang tumawid na itim na pusa sa kalsada ang pangungulila sa yakap ng isang puta;
Tunog ng nabasag na baso ang inaasahan mong promotion sa trabaho.

Biglang ayaw mo nang liparin at baybayin ang papawirin na tinitingala mo dati.
Lahat ng makita at hawakan mo ay pawang magdudulot sa iyo ng malas.
Manibela. Sinturong pangkaligtasan. Lukot na retrato ng pamilya.
Sa mga ganitong sandali, pumapalya ang sarili. Pumapalya bilang sariling paraluman.

Mababatid mo na para kang nakikipag-break sa sarili. Anytime, bibitiwan mo na ang linyang
"Hahanapin ko lang ang aking sarili." Kahit hindi mo naman talaga alam kung saan mo
Hahanapin. O kung nawawala ka nga bang talaga. Kung nawawala ka, malamang nasa
SM ka, nagtatago sa paparating na paniningil ng upa ng apartment. Paminsan, natatagpuan rin

Ang sarili sa masukal na gubat ng pandama, na parang may mga halamang ngayon mo
Lámang napansing yumayabong. *Anthropologists recognize naming as 'one of the chief methods for imposing order on perception.'* Hinihingi nila sa iyo ang kanilang mga pangalan:
Pangamba, galimgim, salaghatì, dalamhatì, luwalhatì? At kung ano pang maaaring humati

Sa iyong dibdib. Suddenly, the name Carolus Linnaeus becomes obsolete when the heart
Refuses to carry the burden of nomenclature. Marahil ganito nga yata talaga ang pagsalubong

Sa pag-edad. Bumibigat kahit ang papawirin. Dumidilim kahit ang mga silahis. Mauubos
Ang pangalan na maibibinyag mo sa damdamin. Gayunman, hindi natin dapat kalimutan
Ang ebanghelyo ng mga alitaptap, hindi lang sa liwanag maaaring maglakbay.
Kailangang kaibiganin at titigan ang dilim, at ibubulong niya sa iyo ang kahulugan
Ng iyong pangalan. Huwag matakot sa dilim, manalig sa nunal sa iyong talampakan,
Dadalhin ka nito sa susunod na dekada. At tiyak in your 40s, kailangan na ng maintenance.

Mayroon nang doktor na nagreresta ng sanlibong pampamanhid.

**Padugo**

Totoo nga kayâng may kapangyarihan ang dugo na nakapagpapatibay ng pundasyon?
Ang alam ko, isa lang itong panákwil ng mga nakatatanda upang umuwi ang mga batà
Bago magdilim. Ngunit dumarami ang mga itinatayong estruktura at nauuhaw na muli
Ang lungsod. Ang sabi nila, may nangunguha ng batà sa labas. Gigilitan ng leeg at sakâ
Isasáko. Ihahalo ang dugo sa lastillas o isasaboy sa eskondro. Ibabaon ang katawan
Sa poste kasabay ng búhos ng semento. Kinabukasan, puputok ang balitang may batàng
Naglaho sa dilim, at may tumubong gusali sa lunan ng nagkalat na dugo't laman-loob.
Sa iba, mabuti naman daw

Ang ganitong sakripisyo. Umuunlad ang bayan, kapalit lamang ang ilang
Litro ng dugo. Nagtulay hanggang sa ibang bayan ang kuwento ng mga nawawala.
Katulad ng mga tulay sa lupa na wala namang tinatawid na ilog.
Kinabukasan, nabása ko ang balitang may itatayong planta ng koryente sa lugar namin.
Mag-aagaw-dilim pa lang, subalit wala na ang mga bata sa párang. Pinanonood kong
Naglalaro ang mga naiwan nilang anino. Mananatili ako rito hanggang sa magdilim.
Titiyakin kong makauuwi ang lahat nang ligtas.

**Punctuated Equilibrium**

Lumilisan din maging ang ilog—
Hindi dahil sa pag-agos kundi
Sa ragasa ng putik at panahon. Sa sulok
Ng kisame, may sapot na ilang araw
Nang walang umuuwing gagamba.
Naging tahanan ito ng ilang walang
Mauwian: alikabok, natastas na sinulid,
At mga mga retaso ng pamamaalam.
Ganitong-ganito ang tao: Umiiral
Upang lumisan. Binabago ang sarili
Ayon sa nais iwanan at nais tungúhin.
Walang batas ang mga isda
Na manatiling lumalangoy—
Napapagod ang palikpik, pumupurol
Ang tinik, nalalagas ang kaliskis—
Para sa atin, ang pagkawala ba ng bisa
Ng haplos sa pisngi, halik sa palad,
At pagtitig sa labi ay ephemeral
Na kasawian? At ayon sa manghuhula,
Kahit kapalaran ay nagbabanyuhay.
Maging ang ating talampakan ay may
Mga guhit, gumagapang at naghahanap
Ng landas na hindi pa nararating.
Mapipilitan tayong sumunod sa isang
Teyorya. Ganito ang ebolusyon:
Maghahanap tayo ng disyerto kung saan
Maaaring ibaón ng mga hindi na natin
Nais na maalala.

**Isang Propesiya: The Raft of the Medusa, 1819**

Hindi ko inaakalang dito ko makikita  ang propesiya ng katapusan. Ayon sa dambuhalang obra, sa ganito magtatapos ang sangkatauhan: walang nagawa sa hambalos ng dagat ang katawan ng barko, at walang nakalaang bangka para sa mga tripulante. Ang grabedad ng kanilang nasà na muling madama sa talampakan ang buhangin ng pantalan, ang tanging makapagliligtas sa kanila. Kaya't may ilang nagpasya na iwan ang Medusa, gumawa sila ng balsa at nanalig na tangayin ng alon at milagro. Una kong nakita ang obra na ito sa encyclopedia. Naalala ko ang huling pahina na binasa namin ni tatay, at ang bakas ng natapon na kape sa depinisyon ng taxonomy: *The science of classification, but more strictly, the classification of living and extinct organisms—*

Nasa harap ko ngayon ang obrang ni Gericault, at tumambad sa akin ang mga hindi nais ilahad ng balsa sa encyclopedia. Hindi ito tungkol sa pag-asa. Hindi ito tungkol sa milagro. Tungkol ito sa kung paano natin isinasalansan ang mga hindi at dapat madama. Halimbawa, tumatanggi tayong malusaw sa bombang sumasabong ngayon sa isang malayong bayan; ayaw nating malunod sa unos na likha ng ibang panginoon. Ayon sa maestro, likas sa tao na burahin ang anumang pandama na magdudulot ng kasawian. Sa balsa, tinutukoy ng mga tripulante kung ano ang unang papatay sa kanila: ang gumagapang na uhaw sa lalamunan, o ang sumasakmal na gutom sa sikmura. May ilang uminom ng tubig-dagat at nawala sa kanilang dila ang pantukoy sa mga taong hungkag ang dibdib. Sa ilang sandali, naging kathang-isip ang dalampasigan, naulol sila't nasawi, at sariwa pa ang kanilang laman. Nagpaubaya ang panginoon. Pumikit siya saglit upang hindi masaksihan ang mangyayari.

Malamang, hanggang ngayon ay naglalayag at naaagnas pa rin sila. Natatawa sa kinatatakutan nating bombang atomiko't pandemiya. Alamat ang mga ito para sa kanila. Walang tutumbas sa pagkamanhid ng mga kaluluwa na naglagay sa kanila sa gitna ng di matapos-tapos na unos sa kuwadro. Magiging alamat ito para sa atin. Napansin kong nagiging patingkayad ang aking mga hakbang papalayo sa kambas, habang nagpupumilit kumawala ang tubig-alat sa mga siwang ng pasilyo. Nakatatawang isipin na itinuturing nating sining ang katapusan ng natin— matagal nang nakapakò't nakabitin sa dingding. Pinanonood kung paano natin nilulunod
Ang isa't isa, makapagnakaw lamang ng kaunting hininga.